5

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MAPEH - ARTS


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Joyce R. Quiambao/Annieflor R. Fajilagmago |
| **Illustrators:** | Joyce R. Quiambao |
| **Layout Design Editor:** | Dr. Normina B. Hadji Yunnos |
| **Content Editors:** | Pedro D. Gloriani |
| **Management Team:** | Dr. Malcom S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS - SDO Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino , OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Marita D. Aquino ,Regional EPS- MAPEH<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Mr. Pedro D. Gloriani , EPS-MAPEH – SDO Pasay City<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, EPS-LRMS - SDO Pasay City |



**(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## Inaasahan

1. Discusses possible uses of the printed artwork
2. Shows skills in creating a linoleum, rubber or wood cut print with the proper use of carving tools

### Unang Pagsubok

Isulat kung Tama o Mali ang mga sumusunod na pangungusap.

_____1. Ang paglilimbag ay ang paglilipat ng imahe ng larawan sa ibabaw ng papel.
_____2. Kailangan ng gabay ng magulang sa pag-ukit gamit ang mga carving tools.
_____3. Hayaan ang nakatatandang kapatid ang gumawa ng iyong proyekto.
_____4. Patuyuin ang natapos na proyekto bago ipasa sa guro.
_____5. Maaaring umukit sa kamote o patatas kung walang linoblock o rubber.

### Balik-tanaw

Buuin ang pangungusap **:**Ang _____1_____ ay isang pamamaraan pansining na ang larawan na _____2_____ay naililipat sa ibabaw ng _____3_____ at iba pang bagay.

( inukit papel paglilimbag )

### Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Mahalaga ang paglilimbag dahil nakatutulong ito sa pagtatala ng kasaysayan ng isang bansa. Ginagamit din itong paraan ng pagkukuwento gamit ang mga larawan. Dahil dito, nananatiling buhay sa iba't ibang salinlahi ang mga katutubong kuwentong bayan sa pamamagitan ng mga nalimbag na mga aklat at komiks. Isa na rito ang kuwento ni Bernardo Carpio.

**Ang Kwento ni Bernardo Carpio**



Maraming iba't ibang pagtatalakay sa katauhan ni Bernardo Carpio. May mga kuwentong naglalarawan na siya ay isang higante. Mayroon ding mga kuwentong nagsasabi na si Bernardo Carpio ay isang karaniwang tao lamang ngunit siya ay nagtataglay ng pambihirang lakas..



Ang kuwento ng kabayanihan ni Bernardo Carpio ay tungkol sa pagpigil niya sa dalawang bundok na nagbabanggaan. Ginamit niya ang kanyang matipunong katawan upang mailigtas niya ang maraming buhay sa pamayanan ng Montalban. Ayon sa alamat, sa bawat paggalaw ni Bernardo Carpio ay nagkakaroon ng paglindol.

Sa panahon ng pandemya na nararanasan natin ngayon kailangan natin na maging isang Bernardio Carpio na may malakas na pangangatawan upang mapaglabanan natin ang sakit na Covid-19.

### Gawain

Mga Simbolo ng Lakas at Tatag

Kagamitan: Lumang diyaryo — Lapis
Bond Paper — Roller
Tinta/Pintura — Carving Tools/Cutter
Linoleum(linoblock), rubber o malambot na kahoy


Kung walang mahanap na linoleum, rubber o malambot na kahoy maaaring gumamit ng malaking patatas o kamoteng hiniwa sa gitna o parihabang sabon

Hakbang sa Paggawa

1.Ihanda ang mga kagamitan.



2.Gumuhit ng isang simbolo na may kaugnayan sa lakas tulad ng kidlat, bundok, araw at iba pa sa linoblock, rubber o malambot na kahoy. Maaari rin gumuhit ng iba't ibang prutas at gulay na nagpapalakas ng ating katawan.



3.Sa gabay ng inyong mga magulang o mas nakatatanda, iukit ang disenyong iginuhit gamit ang mga carving tools. Maaaring gumamit ng cutter kung walang carving tools. Siguraduhing magsasagawa ng pag-iingat sa paghawak at paggamit ng mga ito.



4.Pintahan ng nais na kulay ang ibabaw ng disenyo gamit ang tinta o pintura.



5.Ilagay ang papel sa ibabaw at diinan ng roller ang ibabaw ng paulit-ulit.



6.Dahan-dahang tanggalin ang papel at patuyuin.



**Tandaan**

Ang paglilipat ng imahe ng inukit na larawan sa papel ay isang paglilimbag.

**Pag-alam sa Natutuhan**

**PANUTO:** Lagyan ng tsek ( ✔ ) ang patlang kung nasunod ang mga panuntunan.

_____1.Ang larawan ay nabuo sa pamamagitan ng pag-ukit.
_____2.Nakasunod sa mga panutong binigay sa paglilimbag ng larawan.
_____3. Gumamit ng angkop na kagamitan para sa proseso.
_____4. Malinaw at angkop ang paksa ng larawan.
_____5. Maayos at malinis ang pagkakagawa ng paglilimbag.

**Pangwakas na Pagsusulit**

Anong simbolo ng lakas at tatag ang iyong inukit? Ipaliwanag kung bakit ito ang napili. (5 puntos)

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## Susi sa Pagwawasto

### Unang Pagsubok

1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Tama

### Balik-tanaw

1. paglilimbag
2. inukit
3. papel

### Pag-alam sa Natutunan

1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. ✓

### Pangwakas na Pagsusulit

Napili ko ang mansanas dahil ito ang paborito kong prutas. Ito ang madalas kong kinakain kapag masama ang aking pakiramdam upang ako ay lumakas.

**Sanggunian:**
Halinang Umawit at Gumuhit, Hazel P. Copiaco, Emilio S. Jacinto Jr., Guide to the Philippines
https://bit.ly/3jqdH9D
https://bit.ly/2O8xbUN
https://bit.ly/3jk7QD2
https://bit.ly/36NpZEi
https://bit.ly/39Itkq0